

[Taong 2024]

Abiso tungkol sa Sistema na Pagtulong sa Pag-aaral sa Elementary at Junior High School

Board of Education ng Lungsod ng Osaka

Para maiwasan ang di pag-aral ng mga batang estudyante ng dahil sa pera, gumawa ang lungsod ng Osaka ng Sistema na Pagtulong sa Pag-aaral. Kung nais makakuha ng tulong, mag-aplay lamang ang mga magulang ng mga batang estudyante na pumapasok sa pampublikong elementary o Junior high school ng lungsod ng Osaka.

1 Heto ang mga pangunahing rason para makapag-aplay.

Rason sa pag-aplay	Dokumento na pag-pruweba
○Ang lahat ng miyembro ng pamilya (maliban sa mga ipinanganak pagkatapos ng Abril 2, 2006) ay exempted magbayad ng resident tax sa 2023 o 2024.	Kopya ng "Notipikasyo ng halaga/pagbabago ng halaga ng municipal tax/prefectural tax" (iniisyu sa pamamagitan ng pinagtratrabahuhan) "Certificate of municipal tax/prefectural tax" (inisyu ng city tax office/ward office) (Kinakailangan ang orihinal.) <u>*Kung sumasang-ayon ka sa paggamit ng impormasyon sa buwis, hindi mo kailangang isumite ang mga dokumento ng sertipikasyon sa itaas. (Subalit ito ay limitado sa mga taong walang buwis sa 2024.)</u>
○Exempted o binawasan ang bayad, ipinagpaliban ang pagkolekta ng bayad ng National Health Insurance.	Kopya ng "Notipikasyon ng bayad (pagbabago ng bayad)ng National Health Insurance"(Ipinadala sa bahay)
○Tumatanggap ng Child Support Allowance (Hindi yung Espesyal na Child Support Allowance o Child Allowance)	Kopya ng "Child Rearing Allowance Certificate" (ibinigay sa Ward Office Health and Welfare Center)
○Pangkasalukuyang tumatanggap ng social welfare (seikatsu hogo)	Hindi kailangang magsumite ng mga sertipikasyon
○Sinuspinde o itinigil ang social welfare para sa taong2023 o 2024.	Kopya ng "Desisyon na suspindihin (o alisin) ang Welfare" (ipinadala sa bahay)
○Ang sama-samang kita ng lahat ng miyembro ng pamilya (maliban sa mga ipinanganak pagkatapos ng Abril 2, 2006) sa nakaraang taon ay mas mababa sa limitasyon ng kita na na tinutukoy ng Board of Education depende sa bilang ng mga sambahayan at katayuan ng pagmamay-ari ng bahay. (※Tungkol sa karaniwang halaga ng kita, tingnan ang "4. Karaniwang halaga ng kita" sa susunod na pahina.)	Kopya ng "Notipikasyo ng halaga/pagbabago ng halaga ng municipal tax/prefectural tax" (iniisyu sa pamamagitan ng pinagtratrabahuhan) "Certificate of municipal tax/prefectural tax" (inisyu ng city tax office/ward office) (Kinakailangan ang orihinal.) Kopya ng "Notipikasyon ng binayad na buwis sa munisipyo/prepektura, notipikasyon sa pagtukoy sa halaga ng buwis (inilaan) at detalye ng buwis" (ipinadala sa bahay) <u>*Kung sumasang-ayon ka sa paggamit ng impormasyon sa buwis, hindi mo kailangang isumite ang mga dokumento ng sertipikasyon sa itaas.</u>

※Upang mabawasan ang pasanin at gawing mas maginhawa ang proseso ng aplikasyon para sa mga mamamayan, para sa mga residente ng lungsod (mula noong Enero 1, 2024), kung sumang-ayon ang aplikante at ang kanilang pamilya, mag-aaplay ang Board of Education bilang proxy at posibleng makuha ang impormasyong kailangan para sa pagsusuri mula sa personal na munisipal na rehistro ng buwis sa Osaka City.

Subalit ang pagbibigay ng impormasyon sa buwis ay limitado sa kasalukuyang taon (2024). Kung ikaw ay mag-aaplay sa kadahilanang exempted kayo sa buwis noong nakaraang taon, lahat ng miyembro ng sambahayan (ipinanganak pagkatapos ng Abril 2, 2006. Hindi kasama ang mga idineklarang dependent o inaalagaang kapamilya ng pinuno ng sambahayan para sa pagbawas ng buwis) kailangang may kalakip na sertipiko.

Pakitandaan na kung hindi ka naghain ng tax return, hindi ka mabibigyan ng impormasyon sa buwis, kaya maaaring makipag-ugnayan sa inyo ang board of education o paaralan. Bukod pa rito, dahil hindi lahat ng impormasyon sa buwis ay maaaring ibigay. Maaaring sabihan kayo na magsumite ng mga karagdagang pansuportang dokumento sa ilang mga kaso.

2 Detalye ng Pagsuporta

◇Gastos sa mga kagamitan sa paaralan ◇Gastos sa tanghalian sa paaralan ◇Mga espesyal na gastos sa aktibidad tulad ng field trip ◇Mga gastusin sa school trip

◇Subsidy sa paghahanda sa pagpasok ◇Mga gastusing medikal ◇Japan Sports Promotion Center mutual aid premium (bahaging binabayaran ng mga magulang)

- Ang mga sakit na angkop sa gastusing medikal ay ang mga sumusunod na sakit na nakita Health check ng paaralan, atbp. Kung ang iyong anak ay nangangailangan magpagamot, ang paaralan ay magbibigay ng kupon para sa pagpapagamot, kaya't mabutihing ipaalam sa paaralan bago magpatingin sa doktor.

*Pangalan ng sakit: sira sa ngipin, grabeng sinusitis, pamamaga ng loob ng tenga, conjunctivitis, bulate atbp., Adenoids, buni, scabies, pantal na pustule, trachoma

- Para sa mga tumatanggap ng welfare (tulong na pang-edukasyon), makakakuha ng tulong para sa mga gastusin sa school trip, mga gastusing medikal, at mutual aid premium ng Japan Sports Promotion Center ((bahaging binabayaran ng mga magulang).

3 Paano Mag-aplay

- Kunin ang application form sa paaralan ng iyong anak.
- Punan ang application form, maglakip ng mga dokumentong nagpapatunay sa dahilan ng aplikasyon, at magsumite ng isang form para sa bawat paaralang pinapasukan ng iyong anak.
- Ang panahon ng aplikasyon ay mula Marso hanggang katapusan ng Hunyo. Kung sumasang-ayon ka sa paggamit ng iyong impormasyon sa buwis, mayroon kang hanggang ika-10 ng Mayo.

(Ang bagong Grade 1 o 1st year junior high school na estudyante lamang ang makakapag-aplay ng mas maaga simula sa Disyembre ng taong papasok sa eskuwela.)

Maaaring mag-aplay sa gitna ng taon ng pag-aaral, ngunit babayaran lamang ang mga gastusin sa mga materyales sa paaralan at gastusin sa mga aktibidad na binayaran pagkatapos ng petsa ng sertipikasyon. Para sa gastusin sa tanghalian, babayaran lamang ang aktwal na ginastos para sa kinain pagkatapos ng petsa ng sertipikasyon. Kung walang gastos na natamo pagkatapos ng petsa ng sertipikasyon, maaaring walang matatanggap na bayad.

4 Tungkol sa karaniwang halaga ng kita

- Maaprubahan lamang kung ang kabuuang kita ng lahat ng miyembro ng sambahayan noong 2023 ay mas mababa kaysa sa pamantayan ng kita na itinakda ng lungsod. Subalit ang pamantayan ng kita para sa 2024 ay hindi pa napagpasyahan, kaya't ipapaalam namin sa iyo sa sandaling ito ay mapagpasyahan. .

- Para sa mga kumikita ng suweldo at mga kumikita ng pampublikong pensiyon, ang maximum na 100,000 yen ay ibabawas mula sa halaga ng kita bago i-evaluate ito.

(Reperensya) 【Pamantayan ng Kita sa taong 2023】

Bilang ng Miyembro ng Sambahayanan		2 tao	3 tao	4 tao	5 tao	6 tao	7 tao
Klase ng tirahan	Inuupahan	2.26M yen	2.60M yen	3.18M yen	3.53M yen	3.94M yen	4.65M yen
	Sariling bahay	1.62M yen	1.95M yen	2.53M yen	2.88M yen	3.29M yen	3.89M yen

※Ilalagay rin sa homepage ng Board of Education (<https://www.city.osaka.lg.jp/kyoiku/page/0000495254.html>) ang pamantayan ng kita para sa taong 2024.

- ◆ Para sa ibang detalye, makipag-ugnayas sa eskuwela.